



### **Sarado para sa season ang mga outdoor skating rink ng Brampton**

BRAMPTON, ON (Marso 10, 2021) – Pito sa walong outdoor skating rink ng Lungsod ng Brampton ang sarado na ngayon para sa season dahil sa mainit na temperatura at sa malapit nang pagdating ng spring. Nananatiling bukas ang Gore Meadows Outdoor Covered Skating Rink, kung maganda ang panahon.

Mahalaga ang ehersisyo sa pisikal at mental na kalusugan at kabutihan ng ating komunidad. Ang mga residente ay maaari pa ring ligtas na makapag-enjoy sa mga parke at trail ng Brampton, na nananatiling bukas. Sa patnubay mula sa Lalawigan at sa Rehiyon ng Peel, mangyaring patuloy na ugaliin ang paglayo mula sa mga taong hindi kasama sa inyong sambahayan. Patuloy na bawasan ang inyong pagkakataon ng pagkalat at panganib sa pamamagitan ng palaging pagmimintina ng dalawang metrong distansya mula sa sinuman na hindi mo kasamang naninirahan sa iisang bahay.

#### **Birtwal na Fitness**

Mag-enjoy sa pagiging aktibo sa pamamagitan ng paglahok sa instructor-led na mga klase ng birtwal na fitness. Ang libreng 30 minutong live workouts kasama ang mga bihasang fitness instructor ay magsisimula sa Marso 15. Bukas ang rehistrasyon simula Marso 8. Makukuha ang karagdagang impormasyon, kabilang ang mga detalye tungkol sa kung paano magrehistro sa [www.brampton.ca/recreation](http://www.brampton.ca/recreation).

#### **Rec At Home**

Manatiling aktibo at abala sa bahay sa online fitness at craft tutorials, pwedeng ma-access 24/7! Subukan ang kumpletong body circuit, alamin kung paano gumawa ng origami hearts, sanayin ang iyong calligraphy skills, at mas marami pa. Mag-access sa sari-saring mga aktibidad sa Rec At Home sa [www.brampton.ca/recathome](http://www.brampton.ca/recathome), gawa nang may pagmamahal ng Brampton Recreation.

-30-

#### **KONTAK NG MEDIA NG LUNGSOD NG BRAMPTON**

Gurvinder Singh  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-2028 | [Gurvinder.A.Singh@brampton.ca](mailto:Gurvinder.A.Singh@brampton.ca)